

# Ang Magandang Balita


Hindi ko ikinahihiya ang Magandang Balita, sapagkat ito ang kapangyarihan ng Diyos para sa kaligtasan ng bawat sumasampalataya, una'y sa mga Judio at gayundin sa mga Griego

Roma 1:16


Isang araw sa Luneta Park...
Hello, Pwede ka po bang makausap?
Sige po, ok lang.
Ako pala si Tom.
Ako naman po si Jose
May tanong ako sa iyo Jose, Sapalagay mo ba isa kang mabuting tao?
Hmm, Hindi naman po ako pumapatay, nagnanakaw o nanghoholdap.



Hindi ka pa ba nakapagsinungaling? o nakakupit ng kahit anong bagay ng hindi sa iyo?
Hmm... Nagawa ko na po.


Nagbukas ng Biblia si Tom...
Ang sabi ng Diyos sa Levitico 19:11
"Huwag kayong magnanakaw, mandaraya, o magsisinungaling."



Nagawa mo na bang tumingin sa babae nang may pagnanasa sa isip mo?
Hmm... Nagawa ko na po. Pero minsan lang naman po yun eh.
Nagbukas muli ng Biblia si Tom...
Ang sabi ng Diyos sa Mateo 5:28
"Datapuwa't sinasabi ko sa inyo, na ang bawa't tumingin sa isang babae na taglay ang masamang hangad ay nagkakasala na ng pangangalunya sa kaniyang puso."


Ganun po ba? Eh nagawa ko na po halos lahat ng nasabi.


Ngayon Jose, base sa mga sagot mo sa mga tanong ko, naniniwala ka ba na ikaw ay makasalanan?
Opo



Nagbukas muli ng Biblia si Tom...
Tama Jose, kahit ako inaamin ko na isa akong makasalanan kasi naka sulat din yan sa biliya.
Ayon sa aklat ng Roma 3:10 "Walang matuwid, wala kahit isa." at sa aklat ng Roma 3:23 " Sapagkat ang lahat ay nagkasala at walang sinuman ang nakaabot sa kaluwalhatian ng Diyos."
Ngayon Jose, alam mo ba ang kabayaran ng kasalanan?
Ano po?



Sabi sa Bibliya sa aklat ng Roma 6:23 "Sapagakat Kamatayan and kabayaran ng kasalanan, ngunit ang libreng kaloob ng Diyos ay buhay na walang hanggan sa pamamagitan ni Cristo Jesus na ating Panginoon. "
Ibig sabihin Jose, na ang lahat na makasalanan ay pupunta sa impyerno bilang kabayaran sa kasalanan na nagawa.


Tom: Pero kapatid na Jose dahil sa pagmamahal at biyaya ng Diyos, binigay niya ang kanyang bugtong na anak na si Jesus upang tayo ay tubusin mula sa ating mga kasalanan na ang kung sinoman ang sumampalataya sa kanya ay magkaron ng buhay na walang hanggan. (Juan 3:16)
at pinadama ng Diyos ang kanyang pagibig sa atin nang mamatay si Cristo para sa atin noong tayo ay makasalan pa.
(Roma 5:8)
INRI



Si Hesus na anak ng Diyos, na walang kasalanan(1 John 3:5) ay namatay sa krus upang tubusin ang mga tao mula sa presensya, kabayaran, at kapangyarihan ng kasalanan sa pamamagitan ng kanyang dugo (1 Peter 1:18-19). Si Hesus ay hindi nanatili sa kamatayan siya din ay nabuhay muli pag-katapos ng 3 araw. (1Cor 15:3-4) upang talunin ang kamatayan (1Cor 15:56) at and mga taong sumampalatay sa kanya ay magkakaroon ng buhay na walang hanggan (John 11:25).


Anu po gagawin ko para magkaroon ng buhay na walang hanggan? Kailangan ko po bang gumawa ng mabuti?
Hindi tayo kayang iligtas ng ating mabubuting gawa. Tayo ay ililigtas lamang base sa kanyang Awa at Biyaya, sa pamamagitan lamang ng pananampalataya.
( Efeso 2:8-9 )


Ang tanging tugon natin sa ginawa ng Diyos kay Kristo ay Ang PAGSISI ( LUKAS 13:3 ) AT PANANAMPALATAYA SA PANGINOONG JESUS BILANG IYONG PANGINOON AT TAGAPAGLIGTAS. (ROMA 10:9, JOHN 1:12 )
Gusto mo bang MAGSISI talikuran ang iyong kasalanan at Sumampalata ya kay Cristo?




Sa araw na binigay mo ang buong tiwala mo sa Panginoong Hesus, ikaw ay magbabago at magkakaroon ng pagkamuhi sa kasalanan (1 John 3:6, 9) dahil si Kristo ay nasa iyo (2 Cor 5:17) at ang banal na Espirito ay nananahan sa iyo (Eph 1:13). Ito ang epekto ng Biyaya, pagmamahal,at pagliligtas ng Diyos sa iyo.

**Kung mayroon kayo katanungan o nagnanais na magkaroon ng Bible study, maari ninyong tawagan o e-text ang numero sa baba.**

**09357443030/09279370941**

**Maari niyo rin e-scan ang QR code sa baba kung nais ninyo kaming kausapin through FB:**

**Scan Me:**

**Contact #:**
**09279370941/09173255032**

Paalala: Ang babasahing ito ay hindi binebenta